# DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

*Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.*

FACT SHEET C

DOKUMENTO NG IMPORMASYON NA MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA BENEPISYO NG PANSAMANTALANG KAPANSANAN

Ang mga benepisyo sa pansamantalang kapansanan (temporary disability - TD) ay mga bayad na matatanggap mo kung mawawalan ka ng mga sahod dahil hinahadlangan ka ng iyong pinsala para gawin ang iyong karaniwang trabaho habang nagpapagaling ka.

**Kailangan ko bang sagutan ang claim form (DWC 1) na ibinigay sa akin ng aking pinagtatrabahuhan?**

Oo, kung gusto mong makatiyak na kwalipikado ka para sa lahat ng benepisyo. Kung hindi ka magpsusumite ng claim form sa loob ng isang taon matapos ang iyong pinsala, malamang na hindi ka makakakuha ng mga benepisyo. Dapat kang bigyan ng iyong pinagtatrabahuhan ng isang DWC 1 claim form sa loob ng isang araw pagkabatid na nasaktan ka. Bubuksan ng iyong pagsagot sa claim form ang iyong kaso para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Itinatakda rin ng batas ng estado ang mga benepisyo nang higit pa sa mga pangunahin na maaaring nararapat sa iyo sa sandaling magsumite ka ng claim form sa iyong pinagatatrabahuhan. Kabilang sa mga benepisyong iyon ang, ngunit hindi limitado sa:

- Ang pagpapalagay na ang iyong pinsala o karamdaman ay dulot ng trabaho kung ang iyong claim ay hindi tinanggap o ipinagkait sa loob ng 90 araw matapos ang pagbigay ng nasagutang claim form sa iyong pinagtatrabahuhan
- Hanggang $10,000 sa paggamot sa ilalim ng mga alituntunin sa medikal na paggamot habang ang iyong claim ay isinasaalang-alang ng tagapangasiwa ng mga claim
- Pagtaas sa mga bayad sa iyo para sa kapansanan kung naantala ang mga ito
- Isang paraan upang lutasin ang anumang hindi pagkakasunduan na maaaring lumitaw sa pagitan ninyo ng tagapangasiwa ng mga claim kung ang pinsala o karamdaman ay nangyari sa trabaho, ang natanggap mong medikal na paggamot at kung makakatanggap ka ng mga benepisyo para sa permanenteng kapansanan.

**Paano kung hindi ako binigyan ng aking pinagtatrabahuhan ng DWC 1 claim form?**

Humingi ng form sa iyong pinagtatrabahuhan o tumawag sa tagapangasiwa ng mga claim para matanggap ito. Ang tagapangasiwa ng mga claim ang tao o entidad na nag-aasikaso sa mga claim ng iyong pinagtatrabahuhan. Ang pangalan at numero ng telepono ng entidad na ito ay dapat nakapaskil sa lugar na iyong pinagtatrabahuhan sa parehong lugar kung saan nakapaskil ang mga iba pang impormasyon tungkol sa lugar na pinagtatrabahuhan, tulad ng minimum wage. Maaari mong kumpirmahin kung sino ang iyong tagapangasiwa ng mga claim sa pamamagitan ng pagpunta sa www.caworkcompcoverage.com. Makukuha mo rin ang form mula sa website ng Division of Workers' Compensation (DWC) sa www.dwc.ca.gov. Sa kanan ng navigation pane, sa ilalim ng "Quick Links", i-click ang "forms".

**Ano ang mga benepisyo para sa TD?**

Ang mga benepisyo para sa TD ay mga bayad na matatanggap mo mula sa tagapangasiwa ng mga claim kung hindi mo magawa ang iyong karaniwang trabaho habang nagpapagaling ka sa iyong pinsala o karamdaman. Ang mga benepisyo para sa TD ay hindi mabubuwisan. Kung maaari kang gumawa ng ilang gawain habang nagpapagaling ngunit mas mababa ang kikitain kaysa noong bago naganap ang pinsala, makakatanggap ka ng mga benepisyo para sa pansamantalang bahagyang kapansanan. Kung hindi ka lubos na makapagtrabaho habang nagpapagaling ka, makakatanggap ka ng mga benepisyo para sa pansamantalang ganap na kapansanan. May mga plano ang ilang pinagtatrabahuhan na nagbabayad ng lahat ng iyong sahod para sa lahat o bahagi ng panahong pansamantala kang may kapansanan. Ang mga planong ito ay tinatawag na pagpapatuloy ng suweldo. May iba't ibang uri ng mga plano sa pagpapatuloy ng suweldo. Ginagamit ng ilan ang inyong mga bayad para sa bakasyon at/o sick leave upang pandagdag sa mga bayad para sa TD na iniaatas ng batas ng estado. Magtanong sa iyong pinagtatrabahhuan upang malaman kung sakop ka ng isa sa mga planong ito.

**Paano kinukuwenta ang TD?**

Bilang pangkalahatang patakaran, binabayaran ka ng dalawa ng tatlong bahagi (two-thirds) ng iyong kabuuang (bago ang pagbuwis) sahod sa panahon ng pinsala, na may mga pinakamababa at pinakamataas na antas na itinatakda ng batas. Kukuwentahin ang iyong mga sahod sa pamamagitan ng paggamit ng lahat ng uri ng kita na natatanggap mo mula sa trabaho: mga sahod, pagkain, tinutuluyan, mga tip, komisyon, overtime at bonus. Kasama sa mga sahod ang iyong kita mula sa ginawa mong trabaho at mga ibang trabaho sa panahong napinsala ka. Magbigay ng mga katibayan ng mga kinitang ito sa tagapangasiwa ng mga claim. Isasaalang-alang ng tagapangasiwa ng mga claim ang lahat ng uri ng kita kapag kukuwentahin ang iyong mga benepisyo para sa TD.

**Kailan magsisimula at ihihinto ang TD?**

Magsisimula ang mga bayad para sa TD kapag sasabihin ng iyong doktor na hindi mo magagawa ang iyong dating trabaho nang higit sa tatlong araw o maoospital ka nang magdamag. Kailangan ding ibigay ang mga bayad tuwing dalawang linggo. Sa pangkalahatan, maihihinto ang TD kapag babalik ka sa trabaho, o kapag pahihinutlutan ka ng iyong doktor na magtrabaho, o sasabihing bumuti na ang pinsala mo na tulad ng dati. Kung napinsala kayo sa pagitan ng Abril 19, 2004 hanggang Ene. 1, 2008, hindi magtatagal ang iyong mga bayad para sa TD nang higit sa 104 na linggo mula sa unang bayad para sa karamihan ng mga pinsala. Ang mga napinsala sa o makalipas ng Ene. 1, 2008 ay nararapat na tumanggap ng bayad para sa 104 na linggo para sa kapansanan sa loob ng limang taon.

Ang limang taon ay binibilang mula sa petsa ng pinsala. Ang mga bayad para sa ilang pangmatagalang pinsala, tulad ng malalang pagkasunog o matagalan at pabalik-balik na karamdaman sa baga, ay maaaring mas matagal sa 104 na linggo. Ang mga bayad para sa TD para sa mga pinsalang ito ay maaaring magpatuloy hanggang 240 linggo ng bayad sa loob ng limang taon.

Maaari ka ring magsumite ng claim para sa pantawid na pera sa panahon ng kapansanan mula sa estado (state disability insurance - SDI) sa Employment Development Department. Kailangan mong magsumite ng claim na ito kahit pa matatanggap ang iyong kaso sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Hinahayaan nitong makatanggap ka ng mga bayad para sa SDI makalipas ang 104 na linggong mga bayad para sa TD kung may sakit ka pa rin o masyadong masasaktan para bumalik sa trabaho. Upang malaman pa ang mga karagdagang impormasyon, tumawag sa 1- 800-480-3287 o bisitahin ang kanilang website sa www.edd.ca.gov/disability.

## Makakatanggap ba ako ng mga iba pang benepisyo habang tumatanggap ng TD?

May karapatan kang malapatan ng agarang medikal na paggamot. Maaaring siyasatin ng tagapangasiwa ng mga paghahabot ang iyong claim bago madesisyunan kung tatanggapin ito o hindi. Kahit sisiyasat ito, kailangang aprubahan ng tagapangasiwa ng mga claim ang medikal na paggamot para sa iyong pinsala sa loob ng isang araw ng trabaho matapos mong magsumite ng DWC 1 claim form. Ang tatanggapin mong paggamot ay dapat na alinsunod sa mga alituntunin ng medikal na paggamot na itinatakda ng estado. Ang kabuuang halaga ng paggamot na matatanggap mo sa panahon ng pagsisiyasat ay hindi maaaring hihigit sa $10,000.

Dapat ibalik sa iyo ang mga ipinanggastos sa pagbibiyahe pati na ang gasolina, bayad sa pagpaparada at toll para sa mga biyahe papunta at pabalik mula sa opisina ng doktor. Babayaran din ng tagapangasiwa ng mga claim ang mga de-resetang gamot, pagbisita para sa physical therapy at mga iba pang gastusing medikal.

## Paano kung may problema sa aking mga benepisyo?

Kung mayroon kang ikinababahala, magsalita. Makipag-usap sa iyong pinagtatrabahuhan o ang tagapangasiwa ng mga claim na umaasikaso sa iyong claim at subukang lutasin ang problema. Paminsan-minsang may nagaganap na mga hindi pagkakaunawaan at pagkakamali, ngunit malulutas ninyo ang karamihan ng mga ito sa pamamagitan ng pagtawag sa tagapangasiwa ng mga claim. Kung hindi ito oobra, humingi ng tulong sa pamamagitan ng sumusunod:

**Makipag-ugnayan sa opisyal ng Division of Workers' Compensation (DWC) Information at ang Assistance (I&A) ng estado:** Sinasagot ng mga opisyal ng I&A ng estado ang mga tanong upang tulungan ang mga napinsalang manggagawa. Nagbibigay sila ng mga impormasyon at form at tumutulong na lutasin ang mga problema sa inyong claim. Nagdaraos sila ng mga libreng workshop upang turuan ang mga napinsalang manggagawa tungkol sa kanilang mga karapatan at responsibilidad sa ilalim ng batas. Pumunta sa www.dwc.ca.gov upang maghanap ng lokal na opisina.

**Kumonsulta sa isang abogado:** Ang mga abogadong dalubhasa sa pagtulong sa mga napinsalang manggagawa sa kanilang mga claim sa bayad-pinsala sa mga manggagawa ay tinatawag na mga abogado ng aplikante. Ang kanilang trabaho ay ang magplano ng estratehiya para sa inyong kaso, mangalap ng mga impormasyon para suportahan ang inyong claim, subaybayan ang mga itinakdang takdang panahon at katawanin kayo sa mga pandinig sa harap ng hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa sa lokal na opisina ng inyong Workers' Compensation Appeals Board (o Lupon Para sa Mga Apela sa Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa). Kung kukuha ka ng abogado, ibabawas ang mga bayad sa abogado sa mga benepisyong matatanggap mo. Kailangang aprubahan ng isang hukom ang mga bayad.

Kung may grabe kang problema sa iyong claim, malamang na kailanganin mong dumulog sa isang hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa. Kung magkaganun, dapat mong sagutan ang isang application para sa paghahatol ng claim. Ang form ay karaniwang dapat maisumite sa loob ng isang taon mula sa petsa ng iyong pagkapinsala o sa huling petsa na binayaran ang iyong mga benepisyo. Gamitin ang I&A gabay 4 upang matulungan kang isumite ang form na ito.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov para maghanap ng lokal na opisina ng I&A. Maaari mo ring i-download ang mga gabayng I&A at makakakuha ng mga impormasyon tungkol sa mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakita dito.

Marso 2013